

# BATINGAW

DIARYO NG MASA  
PARA SA KAUNLARAN

nasa loob

EDITORIAL 4

PIKTORYAL 5



TAON 7, BLG. 5 DAET, CAMARINES NORTE NOBYEMBRE 2007  
Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Camarines Norte  
Website: <http://www.camarinesnorte.gov.ph> E-mail: [cao\\_cnorte@yahoo.com](mailto:cao_cnorte@yahoo.com)



GOV. TYOCO, JR.



Acting PD MERCADO

## Institusyonalisasyon sa Pagkalinga sa Kapaligiran GPPK ipinagpatuloy sa lalawigan



Ang Provincial Evaluation Team ng Gawad Punong Panlalawigan sa Kapaligiran o GPPK nang sila ay magsagawa ng evaluation sa bayan ng Capalonga at Sta. Elena; Ipinakikilala ni Acting Provincial Director ng DILG Robin Mercado ang miyembro ng evaluators sa mga kawani ng pamahalaang bayan ng Capalonga; Samantalang malugod na tinanggap at nakipagpulong naman si Mayor Ador Mendoza ng Sta. Elena sa mga ito; Ang ilan sa mga proyektong ipinatutupad ni Mayor William A. Lim sa bayan ng Jose Panganiban ay ang coastal clean-up na isinagawa sa mga baybayin na sakaop ng naturang bayan; Ang mga evaluators nang bisitahin nila ang abattoir ng bayan ng Sta. Elena.

## Children's statement tampok sa CFM assembly

**M**ata - gumpay na naisagawa ng Pamahalaang Panlalawigan ang Child-

Friendly Movement (CFM) Assembly noong Oktubre 25, 2007 sa Provincial Agro Sports Center, Daet. Ito ay sa tulong ng iba't-ibang

ahensiya ng pamahalaan na direktang katuwang sa programang ito at sa suporta ng United Nations Children's Fund (UNICEF)

Tampok dito ang mga pangarap, panawagan at mga magagawa ng mga kabataan sa lalawigan  
(Sundan sa pahina 9)

Sa paniniwala ni Gob. Jesus O. Tyoco, Jr. sa kasabihang kung ano ang ginawa ng tao sa kalikasan ay gayundin ang igaganti nito sa tao, at sa kanyang pagtupad sa mandato ng Republic Act 9003 o' mas kilala bilang Ecological Solid Waste Management Act of 2000 isinulong ng gobernador ang mga programang pangkapaligiran sa Camarines Norte tulad ng Punong Panlalawigan para sa Kapaligiran (GPPK) na ibinase sa Gawad Pangulo sa Kapaligiran (GPK). Ang GPPK ay isang patimpalak kung saan binibigyan ng puntos ang mga proyektong pangkalikasan ng mga pamahalaang bayan. Partikular na binibigyang-pansin dito ang solid waste management system ng mga LGUs.

Sa ika-10ong pagkakataon, isinagawa muli rito ng gobernador ang GPPK katulong ang Department of the Interior and Local Government (DILG) at mga kaukulang ahensya at non-government organizations (NGOs) sa lalawigan sa kabila ng suspensyon sa katulad na patimpalak ng pamahalaang nasyonal noong taong 2005. Ito ay sa paniniwalang mapagtitibay at maipatatupad ng mga pamahalaang lokal dito ang RA 9003 gayundin ng bawat mamamayan sa lahat na bayan dito.

Kaugnay nito, ipinalabas kamakailan ni Gov. Tyoco, Jr. ang

isang kaatasang Tagapagpaganap na siyang bumuo sa Provincial Search Committee para sa 2007 Search for the Cleanest and Greenest Local Government Units (LGUs) ng Lalawigan ng Camarines Norte.

Ang naturang komitiba ay binubuo ng mga sumusunod: Acting DILG Provincial Director Robin Mercado - coordinator at chairman; kinatawan ng pribadong sektor sa lalawigan - co-chairman; G. Salvador Madarang ng PENRO-DENR-vice chairman; Edgar Estanislao, kinatawan ng Kiwanis Club of Daet - co-vice chairman; mga miyembro - PIA Provincial Head Rey de Leon, Ms. Milave L. Scheneider, PHO representative, at kinatawan mula sa Department of Education. Ang secretariat, documentation at support staff naman nito ay kinabibilangan nina Gng. Melody E. Relucio, TSD Chief-DILG; G. Luigi Martin P. Querubin at Community Affairs Officer IV Purita P. Briñas ng Community Affairs Office-Office of the Governor (CAO-GO); G. Camilo B. Monasterial at Gerome M. Ibis ng DILG dito.

Ang naturang grupo ay nagsagawa na ng pagbisita at ebalwasyon sa 12 bayan dito na kalahok sa timpalak-kapaligiran ngayong taon: Basud, Capalonga, Daet, Jose Panganiban, Labo, Mercedes, Paracale, San Lorenzo Ruiz, San Vicente, Sta. Elena, Talisay at

(Sundan sa pahina 8)

PROV'L. ORDINANCE NO. 38

AN ORDINANCE REGULATING THE USE/MODIFICATION/SELLING OF SCOOTERS/MOTORCYCLES AND IMPLEMENTATION OF OTHER RELATED LAWS, TRAFFIC RULES AND REGULATIONS FOR THE AVOIDANCE OF ROAD ACCIDENTS FOR PRESERVATION OF LIFE AND PROPERTY

Basahin sa pahina 6-8



## National Correctional Consciousness Month may kabuluhan pa ba?

Ang National Correctional Consciousness Month ay ginugunita natin sa buwan ng Oktubre. Ngunit ang malaking katanungan na naglalaro sa isipan ay may kabuluhan pa kaya ang patuloy na pag-observa sa okasyong ito?

"Action speaks louder than words," sabi nga. Mas higit na kailangan ng ating mga detenido ang mga kongkretong programa ng pamahalaan para sa kanilang kapakanan kesa ang pagbibigay ng talumpati ng mga opisyal nito sa ganitong mga panahon.

Mas mabuti sigurong isa-isahin natin kung ano talaga ang mga problema at mga hakbang na ginawa ng pamahalaan upang mabawasan o mapigil ang paglobo ng populasyon sa ating mga piitan ngunit hindi naman naipatupad kung meron man:

1. Pagpapatupad sa mabilisang pagdinig sa mga kaso (*speedy trial*) - Sa ilalim ng *speedy trial* ang pagdinig sa isang kaso ay dapat matapos sa loob ng 90 araw. Ngunit kadalasan, 9 na taon na ay hindi pa tapos ito, at pagkatapos ng isang dekada (10 taon), napapawalang-sala ang akusado o di kaya ay ibinabasura (*dismissed*) ang kaso.

2. Patuloy na pagdeteni sa mga ilang *children in conflict with the law (CICLs)* sa mga piitan - May mga batas na sumasaklaw dito ngunit ang mga menor de edad ay inilalagay pa rin sa piitan kasama ang mga nakatatanda dahil sa kawalan ng angkop na lugar para sila ay ma-rehabilitate.

3. Kakulangan ng suporta mula sa pamahalaan - Masakit mang sabihin ngunit totoo, kulang ang suporta ng pamahalaan para sa

mga detenido. Unang-una na rito ang mabagal na pagdinig sa mga kaso dahil sa libu-libong kasong nakabinbin sa *Public Attorney's Office (PAO)* na iilan lamang ang mga abogado na nagtitiyaga sa maliit na pasweldo dito. Hindi rin nasusubaybayan ng Korte Suprema ang mga korte sa bansa na dapat nitong gawin bilang pangkalahatang tagapamahala ng mga naturang tanggapan. Kulang din ang pagtingin sa kalagayang pangkalusugan ng mga detenido. Hindi naman siguro kalabisan kung ang *Department of Health (DOH)* ay magtungo sa mga piitan para matukoy ang kanilang karamdaman at malapatang karampatang lunas. Ang malalapa, binabawian ng buhay sa loob ng piitan ang ilang mga detenido na hindi man lang nakita ang pagtatapos ng kanilang mga kaso.

4. Ang hindi maayos na pagtanggap ng pamayanan sa mga detenido ay isa ring problema. Pilit na kinalilimutan na may mga detenido, binabalewala natin sila at kadalasan ay pinagkakaitan ng trabaho dahil sa kanilang nakaraan.

Dapat nating tandaan na ang pamahalaan ay gumagastos ng milyun-milyong piso para sa mga detenido. Kung mababawasan o mapipigilan ang kanilang pagdami, ang pondo ng pamahalaan na nakalaan para sa kanila ay magagamit sa ibang makabuluhang programa ng pamahalaan. Totoo na laging may makukulang dahil sa hirap ng buhay ngayon dahil sa kawalan ng trabaho. Mapaglalaman kaya ang tukso na kumita sa

## Lakbay-Aral

para sa pagpapaunlad at promosyon ng mga produkto ditong yari sa rattan isinagawa

**N**agsagawa ng isang lakbay-aral na tinaguriang "Market and Technology Study Mission for the Development and Promotion of Rattan-Based Products" sa UP Los Baños, Laguna at Kalakhang Maynila noong October 17-19, 2007, ang mga opisyal at ilang piling kasapi ng *Abasig Mananap Watershed Association, Inc. (AMWAI)* kasama ang 4 na kawani ng Pamahalaan ng Panlalawigan, 2 mula sa LGU-Labo, 1 sa lokal na tanggapan ng DENR at 1 sa DTI.

Layunin ng nabanggit na study mission na magkaroon ng kaalaman

tungkol sa makabagong teknolohiya at malawak na pananaw sa pagpapaunlad ng produktong yari sa rattan, kawayan at iba pang native materials na sagana sa lalawigan lalo na sa Brgy. Tulay na Lupa, Labo kung saan matagumpay na ipinatupad ng Pamahalaan ng Panlalawigan ang *Community Based Resource Management Project-Abasig Mananap Watershed Development Sub-Project (CBRMP-AMWDSP)* katuwang ang AMWAI.

Unang pinuntahan ng grupo ang *Forest Products Research and Development Institute (FPRDI)* sa UP Los Baños kung saan magiliw silang tinanggap ni Director Floren Serrano. Ayon dito, handa at nagagalak silang tumulong sa lahat sa paraang pagbibigay ng impormasyon tungkol sa makabagong teknolohiya sa pagpapaunlad ng produktong gawa sa yamang gubat. Idinagdag pa ng direktor na kailangan

lamang na galing ang materyales sa "legal source" at inani ito sa paraang di labag sa batas. Sinundan ito ng isang *power point presentation* tungkol sa "Rattan Processing Technologies" na inihanda nina Mr. Robert Natividad at Ms. Palisoc na kapwa kawani ng FPRDI.

Matapos ang masiglang pagtatanong ng ilan tungkol sa *drying* at *preservation* ng rattan, tumulak ang grupo patungong Metro Manila.

Sunod na pinuntahan ng grupo ang *Cottage Industry Technology Center (CITC)* sa Marikina City kung saan nagbigay ng mahahalagang impormasyon si Alvin Dimasuhay ng nasabing tanggapan sa paggawa at pagdisenyo ng mga kasangkapan tulad ng mesa, upuan at iba pang kagamitan sa bahay na yari sa mga *native materials*.

Malugod ding tinanggap ni Ms. Margie Pastrana ng *Product Development and Design Center* sa Roxas Blvd,

Manila ang grupo na sinundan ng kanyang pagpapaliwanag tungkol sa mga gawain ng kanilang tanggapan sa pagpapaunlad at paglikha ng naiibang disenyo na mag-aangat sa kalidad ng produkto.

Pumasal din ng grupo sa World Trade Center sa Pasay City kung saan idinaraos ang Manila F.A.M.E.E. International. Tampok dito ang *display* ng iba't ibang klase ng *handicrafts* na yari sa mga *indigenous materials* mula sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Ang isinagawang lakbay aral ay kaugnay ng *Resource Utilization Plan* ng mga rattan at kawayang-inik na itinanim sa kabundukan ng Brgy. Tulay na Lupa, Labo na bahagi naman ng CBRMP-AMWDSP na ipinatupad ng Pamahalaan ng Panlalawigan sa nasabing barangay ilang taon na ang nakakaraan.

Ang mga kasama sa nabanggit na *study mission* ay kinabibilangan nina: Zenaida Ilan, Domingo Logina, Cecilio Babala, Romulo Diaz, Jr., Marcelo Castillo, Salvador Corrigal, Alexis de Vera, Erlinda Litana, Rogelio Palencia, Jaime Goyala, Miguel Goyala at Mercedes Mariño, pawang kasapi ng AMWAI; Joseph Sarmiento at Kgd. Bernard Alaon ng LGU-Labo; Nestor Mata ng DENR, Agnes V. Fanoy ng DTI na tumayong *coordinator* sa mga tanggaping pinuntahan, Raffy Belardo at Nancy Guinto ng OPAG; at Christopher Obra at ang sumulat nito ng EERMD-GO.

Itinuturing na isang malaking tagumpay ang isinagawang lakbay-aral ng grupo lalo na sa mga kasapi ng AMWAI na nakapulot ng dagdag-kalamansa pagdidisenyo ng produkto na mas makaakit sa panlasa ng mga mamimili lalo na sa mga dayuhang negosyante. (GCB)



Ang mga kawani ng *Provincial Custodial Security Services Division* sa pamumuno ni Warden Efren M. Arayata ng ipagdiwang nila ang National Correctional Consciousness Month dito sa lalawigan ng Camarines Norte. Ang naturang tanggapan ang siyang namamahala sa Camarines Norte Provincial Jail dito.

iligal na paraan tulad ng pagbebenta ng ipinagbabawal na droga, *car napping*, o' pagnanakaw para masuportahan ang pamilya? Ngunit kung ang pamahalaan ay

nagbibigay ng oportunidad para sa disentang hanapbuhay, marahil mababawasan ang mga tao na papasok sa iligal na trabaho.

Maaring magpatuloy ang ating

normal na buhay ngunit naibibigay ba natin sa mga detenido ang tamang atensyon alinsunod sa itinatakda ng Konstitusyon? Magiging makabuluhan lamang ang

(Sundan sa pahina 9)



# Dental at medical mission isinagawa para sa mga detenido

**K**augnay pa rin ng pagdiriwang ng National Correctional Consciousness Month, nagsagawa naman ng Dental Mission ang Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH) para sa ating mga detenido. Ito ay isinagawa tuwing Biyernes sa buong buwan ng Oktubre upang masagutan naman ang pangangailangan ng ating mga detenido sa aspeto ng kalusugan nila. Umabot sa 96 na

detenido ang nabiyayaan ng nasabing Dental Mission. Lubos din ang pasasalamat ng pamunuan ng Provincial Jail kay Dr. Jeffrey Wilson Pabico at Mr. Jojo Esmeña ng CNPH. Kabilang ditto na pinasalamatan ay ang lahat ng nag-sponsor ng tanghalian para sa mga doctor, kina Bambi at Aga Riñon, Ato Samarista, Jurly Galvez, Roy Tenorio, Atty. Godfrey Parale, Ochie Tolentino at Sinangag Plaza.

Isang medical  
(Sundan sa pahina 4)

# Phil. Statistical Quiz isinagawa sa CNorte

**N**anguna si Sychelle R. Espiritu ng Camarines Norte State College sa isinagawang Philippine Statistics Quiz Provincial Championship noong Oktubre 18, 2007 sa Camarines Norte Agro-Sports Center dito sa Daet. na isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Provincial Planning and Development Office na pinangungunahan ni Arch. Madonna A. Abular at sa

pakikipagtulungan ng National Statistics Office na pinamumunuan naman ni Mr. Rodolfo P. Guevarra, Provincial Statistics Officer, kaugnay ng pakikiisa ng pamahalaang panlalawigan sa pagdiriwang ng National Statistics Month na ginagawa tuwing Oktubre ng bawa't taon.

Tumanggap ng tropeyo at halagang P2,000.00 mula sa Pamahalaang Panlalawigan si Bb. Espiritu. Nakapangalawa si Bb.

Jessieliza D. Tan na tumanggap din ng tropiyo at cash na P1,500.00 samantalang pumangatlo si G. Christian D. Licardo na tumanggap din ng tropeyo at cash na P1,000.00. Sila ay kapwa mga mag-aaral ng Camarines Norte State College. Samantala, ang pang-apat ay mula pa rin sa CNSC sa katauhan ni G. Randrich L. Pandi at ang panlima ay si Bb. Kimberly E. Jovero ng Mabini Colleges. Sila ay tumanggap ng tig-isang medalya.

Ang unang tatlong



Ang mga photo grab mula sa GMA-7 Flash report kaugnay ng sitwasyon ng mga evacuees sa mga evacuation centres sa lalawigan pagdaan ng bagyong "Mina" sa lalawigan. Iniulat dito na pinauwi na ang mga nagsilikas na mamamayan mula sa iba't-ibang bayan na malapit sa coastal at flood prone areas.

## Gov. Typoco pinamunuan...

(Mula sa pahina 10)

bidwal at pamilya ay itinalaga ng gobernador sa Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) na pinamumunuan ni PSWD Officer Lorna C. de Claro.

Ipinag-utos din ni Gob. Typoco Jr. sa finance group ang pagpapalabas ng P1 milyong pondo mula sa calamity fund ng lalawigan para gugulin sa pagbili ng relief goods na ipamimigay sa

mga evacuees katulad ng bigas, noodles at sardinas, at iba pang kaukulang gastusin.

Matatandaan na ang lalawigan ng Camarines Norte ay nasa ilalim ng Signal No. 3 simula Biyernes, Nobyembre 23 hanggang hatinggabi ng Linggo, Nobyembre 25 dahil sa mabagal na pagkilos ni bagyong "Mina" na 9-11 kilometro bawa't oras. Sinasabing naging masuwerte ang lalawigan

dahil lumihis ang bagyong "Mina" at hindi direktang tumama dito tulad nang unang napabalita.

Samantala, sa ulat ng PSWDO noong Nobyembre 25, 2007, umaabot sa 4,950 pamilya at 21,723 katao mula sa 12 bayan ng lalawigan ang apektado ng bagyong "Mina" na nahahati sa mga sumusunod: Basud - 162 pamilya at 810 katao; Capalonga - 89 pamilya at 491 katao; Daet - 368 pamilya at 1,840 katao; Jose Panganiban - 232 pamilya at 928 katao;

Labo - 712 pamilya at 3,448 katao; Mercedes - 1,561 pamilya at 5,174 katao; Paracale - 667 pamilya at 3,335 katao; San Lorenzo Ruiz - 166 pamilya at 535 katao; San Vicente - 163 pamilya at 978 katao; Sta. Elena - 153 pamilya at 815 katao; Talisay - 218 pamilya at 1,074 katao, at; Vinzons - 459 pamilya at 2,295 katao.

Umabot naman sa 154 barangay ang naapektuhan ni Mina: Basud - 10, Capalonga - 4, Daet - 16, Jose Panganiban - 3, Labo - 23, Mercedes - 23, Paracale

- 26, San Lorenzo Ruiz - 12, San Vicente - 8, Sta. Elena - 2, Talisay - 15, at; Vinzons - 12.

Sa kabuuang 4,950 pamilyang naapektuhan ni "Mina", 3,269 pamilya o umaabot sa 15,773 katao ang nagtungo sa 205 evacuation centers sa lalawigan at pinagkalooban ng kaukulang tulong.

Sa umaabot na 844 kabahayan na partially affected, 4 ang mula sa Capalonga, Daet - 368, at; Paracale-472. Sa may 201 houses na totally affected, 3 ang mula sa Capalonga, Labo-1, Mercedes-2, at; Paracale-195.

Hanggang sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang pagbibigay ng pamahalaang panlalawigan ng kaukulang tulong sa mga pamilyang nasalanta ni bagyong "Mina". **LT IBASCO**

nagwagi ay naging kinatawan ng lalawigan ng Camarines Norte sa PSQ Regional Championship ngayong Nobyembre 13, 2007 sa Legazpi City. Kung papalarin, alin man sa kanilang tatlo ang manalo rito ay siyang magiging kinatawan ng Rehiyong Bicol sa PSQ National Championship na gagawin sa Manila sa Disyembre 4, 2007.

Tatlumpo at dalawa (32) na mga mag-aaral ang lumahok sa patimpalak na ito: 10 sa CNSC na ang mga coaches ay sina Ms. Maria Elena A. Bidar, Dr. Adelaida R. Ceneta at Engr. Arlan V. Gutierrez; 10 sa Mabini Colleges at ang coach ay si G. Elmer A. delos Angeles, Jr.; 3 sa La Consolacion College of Daet na ang coaches ay sina Ms. Nomelita S. Lo at Engr. Ronaldo G. Taruc; at 9 sa Our Lady of Lourdes College Foundation na ang mga coaches ay sina Mr. Ronald R. Borrás, Mr. Nephthaly Joel B. Botor at Ms. Juliet L. Villafuerte.

Ang mga Board of Judges ay sina: Mr. Ramon B. Avila, Math Division Supervisor ng DepEd, Mr. Jose M. Marinda, Provincial Agricultural Statistics Officer at Engr. Victorio F. Corporal, Chief-Quality Control Division, Department of Public Works and Highways.

Sinimulan ang contest na ito sa pamamagitan ng isang napakakiling palatuntunan na kinapalooban ng welcome remarks gayundin ang overview ng PSQ at pagpapakilala sa mga nagsipaglahok at judges na pinangunahan ni G. Guevarra ng NSO. Ang paliwanag sa mga alituntunin ng patimpalak ay pinangunahan naman ni G. John Vincent D. Ramores mula pa rin sa NSO.

Ang mga opisyal na nangasiwa sa contest proper ay ang mga  
(Sundan sa pahina 9)

## List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

Position Title	Item No.	Salary Grade	Date Vacated	Level	Place of Assignment	Education	Experience	Qualification /Requirement		Other Requirements
								Training	Eligibility	
Accountant I	5020	11			PGCN	Bachelor's Degree in Commerce Buss. Admin. Major in Accounting	None required	None required	RA1080	

SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV



**EDITORIAL**

**PAGPAPATUPAD SA RA 9003  
DAPAT NANG SERYOSONG AKSYONAN**

Ang Republic Act 9003 na mas lalong kilala bilang Ecological Solid Waste Management Act na ipinasa ng Kongreso noong taong 2000 at ipinatupad noong 2003. na nagtatakda ng compulsory targets at panahon para makatugon ang mga LGUs sa partikular na probisyong teknikal nito tulad ng pagtatayo ng *final disposal sites, sanitary landfills* at obligasyong paghihiwa-hiwalay ng mga basura sa mga sambahayan pa lamang sa loob ng hindi bababa sa 5 taon pagkatapos ng pagka-aproba sa naturang batas ay dapat nang seryosong ipatupad. Responsibilidad din ng mga LGUs ang pagtatatag ng solid waste management system, lalo na ang mga municipal LGUs.

Kung tinatanggap man nila ang responsibilidad sa pagkakaroon ng likas-kayang pamamaraan (sustainable approach) sa solid waste ng bansa, ngunit may mga probisyon sa RA 9003 diumano na nagpapahirap sa kanila para lubos na maipatupad at makasunod dito. Ang pangunahing argumento na inilalahad sa isang policy paper ng samahan ng mga pamahalaang lokal sa Pilipinas ay ang limitadong pagkilala at hindi pagiging sensitibo ng mga *government environmental regulators* at *legislators/policy makers* sa tunay na pang-sosyal, ekonomiya, teknikal at institusyonal na kalagayan at kakayahan ng maraming pamahalaang lokal sa Pilipinas.

Samantala, kaugnay nito, sinabi ng isang *systems analyst* at pilantropo na si Bo Ekman, na ang problema sa kapaligiran ay wala sa pangkasalukuyang kakulangan ng mga mapagkukunan (resources), kundi sa patuloy na **paglobo ng populasyon** at pag-sibol ng bagong henerasyon. Nararanasan na rin ang hindi matayang pagbabagu-bago ng panahon, kakulangan ng malinis na tubig at posibleng *displacement* ng buong komunidad sa hinaharap. Ang mga tao ang nagpapalala rito dahil sa iresponsableng pagtatapon ng mga kemikal at basura at pagmanipula sa mga halaman at hayupan na kaakibat na rin ng pag-unlad ng ekonomiya. Aniya, kinikilala ng mga pangunahing lider sa mundo na ang krisis na ito ang kakaharapin ng susunod na henerasyon—ngunit nag-aalinlangan na pigilan ang pag-unlad. Ilan sa mga dahilan dito ay ang malawakang pagnanasa para sa kasalukuyang maginhawang pamumuhay, kakulangan ng tiwala sa *global institutions*, labis na tiwala sa mga bagong teknolohiya na makasusugpo umano sa mga karamdaman/sakit o sobrang pag-init man ng mundo. Ngunit nagbabala si Ekman na ang mga bagong teknolohiya ay magdudulot lamang ng mas grabeng problema kumpara sa mga naunang teknolohiya. Ang tanging tiyak na solusyon dito ay ang pagbabalanse ng tao sa kanyang kapaligiran sa pama magitan ng likas-kayang mga pamamaraan.

Maliban dito, isa rin sanang solusyon ang “political will” ng namumuno.— ang simpleng pagbibigay-impormasyon sa mga tao tungkol sa mga umiiral na batas sa kalinisan, mga *signage* laban sa pagkakalat ng basura sa mga kalsada, laban sa pagtatapon ng basura sa mga daluyan ng tubig, pagbabawal sa pagsusunog ng mga basura, tuwinang paglilinis sa harap ng mga bahay. Ang lahat nang ito ay tila nakakaligtan. Kung mismo ang ating mga pinuno ay malamig sa mga bagay na ito, maaasahan lamang ang ibayo pa at iba’t ibang mga suliranin kaugnay sa pagpapabaya sa ating kapaligiran /sn

**Children's statement**

Sa isinagawang Child Friendly Movement (CFM) Assembly ng Pamahalaang Panlalawigan noong Oktubre 25, 2007 sa Provincial Agro-Sports Center sa pamamagitan Provincial Planning and Development Office, sa tulong ng iba’t-ibang

ahensiya ng pamahalaan at sa suporta ng UNICEF dahil sa pagdiriwang ng National Children’s month, naging tampok ang panawagan ng mga kabataan sa lalawigan, at ito ay ang mga sumusunod:

**Kami ay kabataan ng Lalawigan ng Camarines Norte**

Kami ay may mga angking talino at potensyal subali’t hindi lahat ay nabibigyan ng sapat at magandang pagkakataon na maipakita ito, at sa kabila ng aming mga tagumpay sa murang gulang, ilan lamang ang nabibigyan ng pagkilala.

Ang mga pasilidad at serbisyong

pangkalusugan, edukasyon at proteksyon man, ay may mga kakulangan pa rim sa kabila ng pagsisikap ng mga manggagawa sa pamayanang pamahalaan na maibigay ang nararapat ma paglilingkod.

Bagama’t kami ay nakakapaglaro at

(Sundan sa pahina 8)



Ang ilang mga kabataang nakilahok sa pagdiriwang ng CFM Assembly mula sa Mam Boleng Learning School na lumahok at naki-isa sa nasabing selebrasyon at nagbigay ng ilang pampasiglang bilang sa naturang programa; Ang Child Friendly Movement (CFM) Assembly kung saan naging panauhin si UNICEF Focal Person to Camarines Norte Dale Rutstein at nagbigay ng kanyang mensahe samantalang pinangunahan naman ni PB Cipriano Panotes(may hawak ng plake) ang pagtanggap ng plake at tsekeng nagkakahalagang P50,000.00 nang tanghaling Child Friendly Barangay ng taong 2006 ang Barangay IV, Daet.

**Dental ...**

(Mula sa pahina 3)

mission naman ang handog ng *Couples for Christ* para sa ating mga detenido na isinagawa ng araw mismo ng *Prison Awareness Sunday*, Oktubre 28, 2007. Ito ay sa pamamagitan nina Dr. Gilda Ramores, Dr. Moises Cacawa at Dr. Jose Magana. Mahigit 100 detenido ang tiningnan at binigyan ng libreng gamot na handog pa rin para sa kanila ng *Couples for Christ*.

Tunay ngang naging masaya ang mga detenido sa pagdiriwang ngayon ng *National Correctional Consciousness Month*. Simple at payak man ito, natugunan naming pansamantala ang kanilang mga pangangailangan sa tulong na rin ng mga iba’t-ibang organisasyon.

Pahatid nila sa lahat ng dumamay at nagbigay-kasiyahan sa kanila: “*Dios Mabalos*” kalakip ang kahilingang huwag silang maghinawa sa mga kapatid na nasa loob ng piitan.— **Caneth A. Idioma**

**BATINGAW**  
DIARYO NG MASA  
PARA SA KAUNLARAN

**EDITORIAL BOARD:** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

**EDITORS:** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Caneth A. Idioma, opinion;

Luigi Martin P. Querubin, official photographer; Wilson V. Porcincula, art/design.

**REPORTERS:** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports– Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn

P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

**OFFICIAL PHOTOGRAPHER** – Luigi Martin P. Querubin.

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:** OPAG-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; PCSSDD-Caneth A.

Idioma; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Amel Ferrer; Tourism -Melvic Briñas

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtuglungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.





1) Nanumpa kay Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang mga bagong halal na opisyal ng Brgy III, Vinzons sa pangunguna ni Punong Barangay Rodel M. Zenarosa; 2) Nagbibigay ng kanyang ulat sa Provincial Disaster Coordinating Council (PDCC) meeting na ipinatawag ni Gob. Jesus O. Typoco sa kanyang tanggapan, si PENRO Elpidio Orata tungkol sa mga ginagawang paghahanda ng tanggapan ng huli kaugnay ng paparating na bagyong "Mina"; 3) Ang mga barangay officials naman ng Brgy. Napilihan, Vinzons sa pangunguna ni Punong Barangay Remberto Rogacion na kasabay na nanumpa ng mga myembro at opisyaes ng kanilang Sangguniang Kabataan kay Gob. Jesus Typoco, Jr.; 4) Ang mga kandidata ng Mutya ng Tampusawan sa Brgy. Daguit, Labo nang sila'y bumisita at humingi ng financial assistance kay Gob. Jesus Typoco, Jr. na kaagad namang nagbigay ng halagang P10,000.00 upang mairaos ang naturang aktibidad sa kanilang barangay.



AN ORDINANCE REGULATING THE USE/MODIFICATION/SELLING OF SCOOTERS/MOTORCYCLES AND IMPLEMENTATION OF OTHER RELATED LAWS, TRAFFIC RULES AND REGULATIONS FOR THE AVOIDANCE OF ROAD ACCIDENTS FOR PRESERVATION OF LIFE AND PROPERTY



Republic of the Philippines  
Province of Camarines Norte  
DAET

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE 14th REGULAR SESSION OF THE HONORABLE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN OF CAMARINES NORTE HELD ON OCTOBER 16, 2007 AT 9:00 A.M. AT THE PROVINCIAL CAPITOL SESSION HALL, DAET, CAMARINES NORTE.

PRESENT: Hon. Roy A. Padilla Jr.  
Vice Governor  
Presiding Officer

MEMBERS  
Hon. Teresita DL. Malubay  
Floor Leader

DISTRICT I  
Hon. Jonah G. Pimentel  
Hon. Ruth F. Herrera  
Hon. Jose T. Segundo  
Hon. Romeo T. Marmol

DISTRICT II  
Hon. Arthur Michael G. Canlas  
Hon. Pamela Pardo-Pujalte  
Hon. Joefrey B. Pandi  
Hon. Elpidio E. Tenorio

EX-OFFICIO MEMBERS  
Hon. William Carlo R. Avila, Ex Officio, LNB  
Hon. Rony Beejay B. Aler, Ex Officio, SK

ABSENT:  
Hon. Ligaya L. Pedron S/L  
Hon. Lino P. Regala, Ex Officio, PCL

RESOLUTION NO. 372-2007

A RESOLUTION ADOPTING PROVINCIAL ORDINANCE NO. 38, REGULATING THE USE/MODIFICATION/SELLING OF SCOOTERS/MOTORCYCLES AND IMPLEMENTATION OF OTHER RELATED LAWS, TRAFFIC RULES AND REGULATIONS FOR THE AVOIDANCE OF ROAD ACCIDENTS FOR PRESERVATION OF LIFE AND PROPERTY.

Author: ARTHUR MICHAEL G. CANLAS  
Co-Authors: JONAH G. PIMENTEL  
RONY BEEJAY B. ALER  
LINO P. REGALA  
WILLIAM CARLO C. AVILA  
RUTH F. HERRERA, MD  
TERESITA DL. MALUBAY  
PAMELA PARDO-PUJALTE

WHEREAS, motorcycle/scooter is the cheapest and most commonly used vehicle nowadays for purposes of conveyance and transportation;

WHEREAS, it is observed that majority of vehicular accidents resulted from the use of the motorcycles/scooters due to lack of knowledge of traffic rules and regulations, recklessness on the part of the owner/driver and unawareness of the coherent responsibilities and obligations on the use of the same;

WHEREAS, a set of regulations is necessary to avoid cases of motorcycle/scooter accidents to ensure safety of the riders and pedestrians for the preservation of life and property;

NOW THEREFORE, after due deliberations, on motion of Hon. Arthur Michael G. Canlas, duly seconded;

BE IT, as it is -

HEREBY RESOLVED: To adopt

PROVINCIAL ORDINANCE NO. 38

AN ORDINANCE REGULATING THE USE/MODIFICATION/SELLING OF SCOOTERS/MOTORCYCLES AND IMPLEMENTATION OF OTHER RELATED LAWS, TRAFFIC RULES AND REGULATIONS FOR THE AVOIDANCE OF ROAD ACCIDENTS FOR PRESERVATION OF LIFE AND PROPERTY

BE IT ORDAINED by the Sanggunian Panlalawigan of Camarines Norte in session assembled:

SECTION I - TITLE AND SCOPE

This Ordinance shall be known as regulating the use/modifications/selling of scooters/motorcycles and implementation of other related laws, traffic rules and regulations for the avoidance of road accidents for preservation of life and property.

SECTION II - DEFINITION OF TERMS

- a. SCOOTER - a motorized two (2) wheel vehicle driven by hydraulic/automatic transmission.
- b. MOTORCYCLE - a regular type of a motorized two (2) wheel vehicle driven with a clutch transmission.
- c. RELATED LAWS - are laws enacted for the regulation in the manufacture of the vehicle: its type, make, model and others in the preservation of its design by the manufacturer.
- d. TRAFFIC RULES - the prescription of the law on motorized vehicle including the use of protective gears and the one driving the unit.
- e. TRAFFIC REGULATIONS - pertains to the abidance of the number of passengers allowed for the two (2) wheeled vehicles.
- f. PERMITS - restrictions on granting an authorization to drive before securing a license must be strictly issued to persons with legal age.
- g. LICENSE - the restriction of the law in the issuance of authority to drive to those who are of legal age but in consideration of their capability to drive following the requirements.
- h. AVOIDANCE - preventive measures to mitigate the occurrence of road accidents.
- i. ROAD ACCIDENTS - are the untoward incidents incurred in driving motorcycle/scooter.
- j. PRESERVATION - the protection of one's life engaged in driving a motorcycle/scooter and in preventing the property to be damaged or to become total wrecked.
- k. SAFETY HELMET - a safety headgear made of metal or hard materials may be full face or half-face helmet for motorcyclist to wear to protect the head in crash or impact.
- l. MOTOR SALES COMPANY - pertains to dealer/sales distributor of motorcycles/scooters within the locality.
- m. MOTOR SHOP MODIFIERS - pertains to shops engaged in modifying/remodeling motorcycles/scooters.

SECTION III - DUTY OF DRIVERS NOT INVOLVED IN ACCIDENT TO RENDER ASSISTANCE

A driver of any vehicle not involved in an accident shall at all times render and provide assistance to persons involved in an accident in such manner that he may not further injure to put the victims and himself at risk. He shall likewise notify the nearest PNP station of such accidents.

SECTION IV - IMMEDIATE REPORT OF ACCIDENTS

The driver of any motorcycle/scooter involved in an accident resulting in injury to or a death of a person or in total property damage to an apparent extent shall immediately by the quickest means of communication give notice of such to the police department within 24 hours. In the event an agreement can be reached by persons whose property is involved as to the amount of property damage sustained, accident shall be reported immediately to the police department.

SECTION V - DUTIES AND RESPONSIBILITIES OF DRIVERS OF A MOTORCYCLE/SCOOTER.

- a. The roadbed of the highway and streets are primarily intended for vehicles, but pedestrians have the right to cross them safely, and drivers of motorcycles/scooters must exercise all possible care not to injure pedestrians.
- b. No person shall drive/operate a motorcycle/scooter without the appropriate driver's license issued by the LTO.
  - b.1) No person shall drive/operate a motorcycle/scooter with student permit but without accompany of the licensed driver.
  - b.2) No person shall drive/operate a motorcycle/scooter with a delinquent/expired license.
- c. A person driving a motorcycle/scooter shall at all times carry a driver's license.
- d. A person driving a motorcycle/scooter shall at all times surrender, present and or show his license, certificate of registration of the motorcycle/scooter and other pertinent papers upon demand by authorized/deputized officer when apprehended.
- e. No driver of a motorcycle/scooter shall permit any unlicensed person to drive such motorcycle/scooter under his control.
- f. It shall be unlawful for any person to drive any motorcycle/scooter using fake, counterfeit or borrowed license.
- g. It shall be unlawful for a person to drive a motorcycle under the influence of alcoholic drinks/beverages and/or regulated/prohibited substance as certified by the government physician.
- h. No person driving a motorcycle/scooter shall be allowed to operate any

(Continued on page 7)

# Provincial Ordinance No. 38 ...

(Continued from page 6)

communication equipment such as cellular phone, headset device, and two-way radio, unless otherwise the same is equipped with hands free device; the driver may operate such communication equipment provided that the vehicle is in complete cessation/stop of a motion.

## SECTION VI - DUTIES AND RESPONSIBILITIES OF MOTORCYCLE/SCOOTER OWNERS.

- a. No person/owner shall operate a motorcycle/scooter without license registered and issued by the LTO.
- b. A person who owns and /or operates a motorcycle/scooter must always have in the vehicle the original or photocopies of the certificate of registration and official receipt of such motorcycle/scooter issued by the LTO.
- c. An owner of any motorcycle/scooter shall display LTO license plate number conspicuously, firmly attached to the vehicle and properly cared for.
- d. No person operating any motorcycle/scooter shall use fake or counterfeit certificate of registration, official receipt, plates, tags and/or stickers of spurious documents.
- e. No owner/person of motorcycle/scooter shall permit any unlicensed driver and under the influence of liquor to drive such motorcycle/scooter under his control.

## SECTION VII - RESPONSIBILITIES OF MOTOR SALES CENTER

- a. The sales center/agent shall require the purchaser/applicant to present the certificate of completion on orientation/seminar for traffic rules and regulations or driver's license issued by the LTO.
- b. No sales agent shall facilitate/process the purchase of motorcycle/scooter in the absence of required documents.
- c. No sales center shall operate without business permit and other necessary requirements.
- d. The sales center shall provide the client of necessary safety gears, i.e. safety helmet, etc.

## SECTION VIII - ROLE OF THE LAND TRANSPORTATION OFFICE (LTO)

- a. The Land Transportation Office (LTO) will provide the necessary orientation/seminar on traffic rules and regulations and to issue a corresponding certificate of completion as requisites for the purchase of motorcycle/scooters.
- b. Upon registration of the unit, the Land Transportation Office (LTO) shall require the applicant to present the certificate of completion on orientation/seminar conducted or driver's license issued by the LTO as pre-requisite to motorcycle/scooter's registration.

## SECTION IX - RESPONSIBILITIES OF THE SHOP OWNERS ON REMODELING/UPGRADING OF MOTORCYCLES/SCOOTERS AS PROCESS OF MODIFICATION

1. The following activities for the purpose of remodeling/upgrading of scooters/motorcycles are prohibited:
  - a. Mechanical change such as modifying the piston and carburetor intended to increase the speed capability is in violation of the law.
  - b. Installing of straw blights in any motorcycle is strictly prohibited most especially in making in-series lights between the blinker and the tail/stop lights.
2. Any change/modification on its original series including the color of the unit and attachment of stickers on the body which induce to hardly identify the vehicle should require the approval of the TMG.
3. Change in the body feature such as lowering the height of the unit should follow the herein prescribed height at five (5) inches from the lowest part of the motorcycle/scooter.
4. All regular accessories of the motorcycles/scooters should be maintained. (i. e. side mirrors, horn, headlights, speedometer, tail lights, blinkers, signal lights, etc.)

## SECTION X - ROLE OF THE TRAFFIC MANAGEMENT GROUP (TMG)

1. The Traffic Management Group (TMG) will approve and issue the clearances on the application for modification/remodeling of the motorcycles/scooters unit in accordance with the prevailing laws and regulations.

## SECTION XI - RESPONSIBILITIES OF VIDEOKE BARS/BEERHOUSES AND OTHER BUSINESS ESTABLISHMENTS OF THE SAME NATURE

- a. Has the responsibility to give advices to drivers of motorcycles/scooters to avoid driving when drunk.
- b. Has the responsibility to refuse orders for any drivers of motor vehicles.
- c. Has the responsibility to call for police assistance in the event that driver who is apparently drunk insists in driving his motorcycle/scooter.

- d. Has the responsibility to post a reminder/warning on conspicuous place areas of the establishment such as: "IF YOU DRINK, DON'T DRIVE; IF YOU DRIVE, DON'T DRINK!"

## SECTION XII - REGULATED GADGETS AND ACCESSORIES OF MOTORCYCLES/SCOOTERS.

### A. SPEEDOMETERS

No person shall operate any motorcycle/scooter without a speedometer or with a defective one.

### B. AUDIO-VISUAL EQUIPMENT

No person shall operate any motorcycle/scooter vehicle operating audio-video equipment that emits exceptionally loud, blaring and irritating sounds that impair the sound of the upcoming vehicle from behind.

### C. MUFFLER

Shall mean a device used for the purpose of receiving exhaust gas and effectively reducing exhaust noise from the motor of a vehicle. Change or modification of the muffler resulting to noise, excessive or unusual excess of accepted noise level which would necessarily result from the operation of a motorcycle/scooter shall mean a violation of the traffic law.

### D. HORNS

Every motorcycle/scooter unit shall be provided with a horn or sign device in working order. Provided however, that:

- a. No horn or signaling device emitting an exceptionally loud sounds like mobile sirens, etc., startling or disagreeable sound shall be installed or used on any motor vehicle.
- b. No person shall sound a vehicle's horn or other signaling devices in private alleys, school zone, churches and hospital zones or driveways on which dwelling abound in private streets, or other public places, whether vehicle is parked or in motion, except in so far that may be necessary under the laws governing the operation of motorcycle/scooter vehicles as warning to traffic and/or when responding to a call of emergency.

### E. SIDE MIRRORS

No motorcycles/scooters shall be allowed to travel without side mirrors.

### F. HEAD AND TAIL LIGHTS

No head light and tail light should be installed or modified beyond the motorcycle/scooter standard prescription and with proper focus elevation.

### G. SIGNAL LIGHT

No motorcycle/scooter shall be allowed to travel without and defective signal light.

### H. WHEEL/TIRE

The tire use for modification should be commensurate with the motorcycle/scooter body size/type.

## SECTION XIII - SAFETY HELMET

No person shall be allowed to drive/operate/ride a motorcycle/scooter vehicle without wearing a safety helmet in all routes within the province to ensure safety on the part of the motorcyclists/riders from suffering fatal or traumatic brain injuries which often require extensive medical treatment and may result to lifelong disability or untimely death.

### 1. CLASSIFICATIONS OF SAFETY HELMET TO WEAR

- a. Within the Municipality
  - ◆ Half-face and full face standard helmet are allowed.
- b. Outside of the Municipality or Long Distance Travel
  - ◆ Half and full face standard helmet are allowed.

2. Visor of the standard helmet should be lifted when they are traveling within the municipality.

## SECTION XIV - PENALTY

- |                  |  |
|------------------|--|
| 1) First Offense | Fine of P300.00  |
| Second Offense   | Fine of P600.00 - and requiring the violator to undergo seminar on traffic rules and regulations   |
| Third Offense    | Fine of P2,000.00 - and for endorsement to the respective agencies such as: LTO for confiscation of driver's license and Municipal Government for forfeiture of business permit. |
- 2) Any violation shall be settled within three (3) working days.

## SECTION XV - ENFORCEMENT

The local PNP and the deputized law enforcers in the respective municipalities/LGU are in-charge of the enforcement of this ordinance.

## SECTION XVI - ADMINISTRATIVE SANCTION

Non-compliance in the implementation of the law by the law enforcers and deputized personnel is subject to administrative sanction within their respective agency.

(Continued on page 8)

(Continued from page 7)

**SECTION XVII – SEPARABILITY CLAUSE**

The provisions of this ordinance are hereby declared separable, and in the event that one or more of the other provisions are held illegal or unconstitutional, the validity of the other provisions shall not be affected.

**SECTION XVIII – REPEALING CLAUSE**

All ordinances, executive orders and rules and regulations inconsistent and contrary with the provisions of this ordinance are hereby repealed, amended or modified accordingly.

**SECTION XXIV – EFFECTIVITY**

This ordinance shall take effect on the day following its publication, pursuant to Sec. 511 of RA 7160 otherwise known as the Local Government Code.

RESOLVED FURTHER: To furnish copies hereof, all concerned for their information and guidance.

**CARRIED UNANIMOUSLY.**

*I hereby certify to the correctness of the foregoing.*

(SGD)

REBY JARDIN-CUAÑO  
Secretary to the SP

ATTEST:

(SGD)

ROY A. PADILLA JR.

Vice Governor/Presiding Officer

APPROVED BY HIS HONOR, THE GOVERNOR, THIS 30<sup>th</sup> DAY OF October, 2007.

(SGD)

JESUS O. TYPOCO JR.

Governor

/osang

**Children's ...**

(Mula sa pahina 4)

nakakapaglibang, di sapat ang suporta at ang marami ay din nabibigyan ng magandang pagkakataon upang kakayahang ay mapaunlad.

Kami ay nagsisikap at tumutulong upang mapaunlad ang aming pamilya at pamayanan, subalit, marami sa amin ay nakararanas pa rin ng kahirapan sa buhay at hindi natutugunan ang mga pangangailangan.

Ang iba't-ibang sektor ng lipunan ay kumikilos para sa tahimik at payapang lalawigan, subalit ang ilan sa amin ay biktima pa rin ng karahasan, pang-aabuso at "child labor" at ilan din ay nakapagitna sa kaguluhan at pagbabagong nangyayari sa aming kapaligiran.

Bagaman at nagbuklod at nagtutulong-tulong ang mga nagmamahal sa amin, marami pa rin ang kulang sa atensyon ng pamilya, pamayanan at pamahalaan. Tulad ng pagbibigay ng sapat ma

pondo o tulong pinansyal at implementasyon ng mga programa para sa mga kabataan.

Kami ay mga munting tinig sa lalawigan na di gaanong marinig at dapat mapakinggan.

"Isang lalawigang masaya at mapayapa, at isang magandang kinabukasan para sa lahat ng bata." Ito po ang lalawigang pinangarap namin.

Isang lalawigan na iginagalang at pinahalalagan ang karapatan ng mga bata, at bawat isa ay titiyakin ang isang tahimik at mapayapang kapaligiran para sa lahat.

Isang lalawigan na ang bawat pangangailangan ng mga bata ay naibibigay, isang malusog at masayang pamilya na may matatag na hanapbuhay at nakatutulong sa kaunlaran ng pamayanan.

**Bilang mga kabataan ng Camarines Norte, kami po ay makatutulong upang makamit ang mga**

**pangarap na ito:**

Kami po ay magiging responsableng mamamayan na susuporta sa mga programa ng pamahalaan at tutulong sa mga gawaing pambayan.

Kami po ay magiging magandang halimbawa sa lahat ng bata at susunod sa mga batas at alituntuning ipinatutupad.

Kami po ay magiging pangunahing tagapagpalaganap at tagapagtanggol ng bawat karapatan ng mga bata at hihikayatin pa ang karamihan na makilahok dito,

At sapagkat kami ay nangangako na susuportahan ang lahat ng inyong gawain para sa kabutihan ng mga bata, hinihingi rin po namin ang inyong buong suporta at pakikiisa sa aming mga mithiin para sa kapakanan ng bawat isa sa amin.

Ang lahat ng Ito ay para sa isang lalawigang masaya at mapayapa, at isang magandang kinabukasan para sa aming lahat.

**Institusyonalisasyon ...**

(Mula sa pahina 1)

Vinzons.

Matatandaan din na sa 2006 Search for the Cleanest and Greenest LGUs, nakuha ng Vinzons ang unang puwesto (90.40) para sa Category A (1st to 3rd class municipalities), Labo (89.10)-ikalawang puwesto, at; Jose Panganiban (86.50)-ikatlong puwesto. Para sa Category B (4th to 6th class municipalities), naiuwi ng Capalonga ang unang puwesto (90.50), San Lorenzo Ruiz (89.00)-ikalawang puwesto, at; Talisay (86.20)-pangatlong puwesto.

Kaugnay nito, ng mga pagbaha, nanawagang muli ang pagguho ng lupa, gobernador sa mga pagkasunog ng mamamayan dito na kagubatan (forest fire), sama-samang kumilos-ngayon na! Hiniling niya maliban sa iba pa.

Hiniling niya na alagaan at pagyamanin natin ang ating kapaligiran upang magkaroon tayo ng luntiang paligid, malinis na hangin at tubig, at walang humpay na masaganang ani mula sa mga likas na yamang-lupa at tubig. Higit sa lahat, hiniling niya na pag-ibayuhin natin ang mga kampanyang makakalikasan upang maiwasan natin ang mga likas na ganti nito tulad

Samantala, ang naging coordinator at chairman ng GPPK ngayong 2007 ay si DILG Acting. Prov'l Director Robin Mercado dito sa lalawigan matapos na itaas ang kanyang ranggo nang si Atty. Anthony Nuyda ay hinirang kamakailan lamang bilang Asst. Regional Director ng Region VI na nakabase sa Iloilo. **LT IBASCO**



**Ang Provincial Evaluators ng GPPK habang tinitingnan ang loob ng ambulansiya na kumpleto sa mga kagamitan, sa bayan ng San Vicente, kung saan nagsagawa ng evaluation ang grupo bilang bahagi ng paglilibot nila kaugnay ng Gawad Punong Panlalawigan sa Kapaligiran (GPPK).**

Sa inyong lahat na naririto sa pagtitipong Ito, sa lahat ng mga makakarinig at makakabasa ng mensaheng ito, aasahan po naming ang inyong suporta at pagtugon sa panawagan naming Ito.

Mabuhay and kabataan ng Camarines Norte!

**Panawagan sa mga Kabataan at Mungkahi sa Pamahalaan at mga Institusyon Para Mapaunlad ang Pakikilahok**

**Panawagan:**

Huwag mahiyo matakot makilahok sa mga gawain sa tahanan, paaralan at pamayanan

Hingin ang pahintulot at gabay ng magulang ukol sa pakikilahok

Hikayatin ang kapwa kabataan sa makabuluhang pakikilahok

Tumulong sa pagpapaunlad ng mga samahang pangkabataan

Isatinig ang mga ideya at kaisipang makakatulong sa ikauunlad ng mga kabataan

**Mungkahi / Rekomendasyon:**

Pagbibigay ng magandang pagkakataon ng lahat ng sektor sa lahat ng kabataan na makilahok

sa tahanan, paaralan at komunidad

Pagpapatupad ng mga programa at proyektong magpapalakas sa pakikilahok ng mga kabataan

Paglalaan ng kaukulang pondo at tulong pinansiyal para sa mga gawaing magpapaunlad ng kakayahang at pakikilahok ng lahat ng kabataan

Isulong natin ang pakikilahok ng mga kabataan!

Mabuhay and kabataan ng Camarines Norte! - **Marilyn P. Asis/PPDO**



# Phil. Statistical Quiz...

(Mula sa pahina 3)

sumusunod: mula sa NSO sina Ms. Azucena L. Salgado, Statistician II na tumayong quiz master, Ms. Jenny O. Fermo, timer at Ms. Virginia C. Avilado at Mr. John Vincent D. Ramores bilang scorers. Tumayong mga proctors mula sa PPDO sina: Ms. Nimfa E. Camara, Statistician IV, Ms. Nida N. Tosoc, Statistician III, Ms. Marilyn P. Asis, Statistician II, Ms. Rosemarie C. Estrada, Statistician I, Ms. Amelia M. Lopez, PDO III, at

Ms. Joselita O. dela Cruz, PDO II. Si Ms. Florinda A. Joson naman ang tumayong master of ceremony.

Matatandaan na sa mga nagdaang PSQ, ang lalawigan ng Camarines Norte ay laging nagiging kinatawan ng Rehiyong Bicol sa National PSQ, at noong 2004 ay pumangalawa ang Bicol sa National Championship sa katauhan ni G. Joel Abiera, isang Provincial Government Scholar at mag-aaral noon ng Mabini Colleges. —M. P. Asis



*Ang Child Friendly Movement Assembly (CFM Assembly) kung saan binasa ni Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan ang mensahe ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. na dinaluhan ng ilang panauhin mula sa United Nation Children's Fund (UNICEF) sa pangunguna ng kanilang focal person to Camarines Norte na si Dale Rutstein. Ang nasabing okasyon ay nagsilbi na ring closing at culminating activity ng National Children's Month Celebration dito sa lalawigan.*

# Children's statement...

(Mula sa pahina 1)

na ginampanan nina Jayson Sime Jeremias, CNSC laboratory School, Donnabel Sabanal, Tulay na Lupa National High School, Ma. Karen Caramoan, Saint Francis Parochial School, Don Xan Bobis, Froilan Lopez High School at Estela Angelie Lasay ng Basud National High School. Ayon sa kanila, pangarap nila ang isang lalawigan na iginagalang at pinapahalagahan ang karapatan ng mga bata, at bawat isa ay titiyakin ang isang tahimik at mapayapang kapaligiran para sa lahat, isang lalawigan na ang bawat pangangailangan ng mga bata ay naibibigay, isang malusog at masayang pamilya na hanapbuhay at nakatutulong sa kaunlaran ng pamayanan. Ayon pa rin sa kanila, sila ay magiging responsableng mamamayan na susuporta sa mga programa ng pamahalaan at tutulong sa mga gawaing pambayan, magiging magandang halimbawa

sa lahat ng mga bata at susunod sa mga batas at alituntuning ipinatutupad, magiging pangunahing tagapagpalaganap at tagapagtanggol ng bawat karapatan ng mga bata at hihikayatin pa ang karamihan na makilahok dito. Ang mungkahi nila sa pamahalaan ay pagbibigay ng magandang pagkakataon ng lahat ng sektor sa lahat ng kabataan na makilahok sa tahanan, paaralan, at komunidad, pagpapatupad ng mga program at proyektong magpapalakas sa pakikilahok ng mga kabataan, at paglalaan ng kaukulang pondo at tulong pinansiyal para sa mga gawaing magpapaunlad ng kakayahang pakikilahok ng lahat ng kabataan.

Sa executive summary na iprenisenta ni Provincial Administrator Napoleon Malaluan, representatives ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. na nasa mahalaga ding okasyon ng mga oras na yaon, ipinakita dito ang kalagayan ng mga

kabataan at kababaihan dito sa lalawigan at ang mga ginagawang pamahalaan ng panlalawigan, iba't ibang ahensiya, at mga lokal na pamahalaan sa suporta ng UNICEF para sa kapakanan ng mga kabataan at kababaihan. Binigyan diin dito na ang konsentrasyon ay nakatuon sa mga barangay na kulang sa atensiyon at hindi gaanong natatanggap ang mga serbisyo ni iba't-ibang ahensiya ng pamahalaan. Gayon din ang updating ng Provincial Development and Investment Plan at Provincial Child's Rights and Welfare Code at ipakikiusap sa lahat ng munisipyo na ipatupad ang mga gawain na nakalagay sa kani-kanilang Municipal Development and Investment Plans for Children at bumuo ng Local Code on Children at gumawa rin at magkaroon ng presentasyon ng Local State of the Children Reports upang masiguro na naibibigay at nagkakaroon ng katuparan ang mga pangarap ng mga kabataan dito sa lalawigan.

Sa mensahe na ibinigay ni G. Dale Rutstein, UNICEF Focal Person to Camarines

Norte, pinapurihan niya ang pamunuan ng Pamahalaan ng Panlalawigan at mga opisyal ng iba't-ibang ahensiya dito dahil sa effort na ibinigay upang maipatupad ang karapatan ng mga kabataan Espesyal na binanggit niya ang aktibong partisipasyon ng mga kabataan dito lalo na ang mga miyembro ng Kabataan News Network, Camarines Norte Bureau na napapanood sa TV kapag may series na ipinalalabas ang UNICEF. Binigyan diin niya na kailangang makialam at lumahok ang mga kabataan ngayong darating na Sangguniang Kabataan election sapagkat ito ang magiging boses nila sa pamahalaan. Ayon pa rin sa kanya, sulit ang bawat saglit na ipinupunta niya dito sa lalawigan.

Naging tampok din dito ang pagbibigay ng premyo sa mga nanalong barangay sa 2006 search for Child-Friendly Barangays. Ang nakakuha ng unang pwesto ay ang Barangay IV, Daet na tumanggap ng plake at cash na P50,000.00, pangalawa ang Barangay Kalamunding, Labo na tumanggap din ng plake at P30,000.00, pangatlo ang Barangay III,

Vinzons na tumanggap ng plake at P20,000.00, pang-apat ang Barangay Bactas, Basud na tumanggap naman ng P10,000.00 at ang panglima ay ang Barangay Tawig, Paracale na tumanggap ng cash na P5,000.00, Samantala ang dating nangungunang Barangay Calabagas, San Vicente ay tinanghal ng Hall of Fame na tumanggap naman ng P20,000.00.

Espesyal na award ang ibinigay naman sa Brgy. Sto. Niño, Talisay para sa Child Protection na tumanggap ng plake at P2,000.00 at Brgy. Mambungalon, Mercedes para sa Child Friendly School System na tumanggap ng parehong halaga. Bukod dito ay binigyan din ng Certificate of Recognition ang mga bayan na lumahok sa patimpalak, ito ay ang Basud, Daet, Mercedes, Labo, Paracale, Talisay at Vinzons. Certificate of Commendation pa rin para sa mga bayan na organisadong mabuti ang Barangay Council for the Protection of Children, ang Daet, Labo at Vinzons. Ang nagbigay ng awards ay sina Dr. Malaluan, Kgd. Malubay, at Arch. Abular.

(Continued from page 2)

pag-observerba sa National Correctional Consciousness Month kung magiging sensitibo ang mga kinauukulan sa tunay na kalagayan ng mga detenido sa mga piitan. Konting oras lamang ang hinihingi ng mga detenido. Silipin man lang sana at personal na tingnan ang kalagayan ng mga detenido sa loob ng ating Panlalawigan Piitan kung may kabuluhan pa ba ang okasyon na ipinagdiriwang para sa kanila sa buwan ng Oktubre. C. A. IDIOMA

Presente dito si SP Kgd. Teresita Malubay na siyang nagbigay ng welcome at opening remarks, mga miyembro ng Provincial Technical Working Groups sa pangunguna ni Arch. Madonna A. Abular, P P D C / P T W G Chairman, iba't-ibang guro at mag-aaral sa iba't-ibang paaralan dito, mga magulang at mga empleyado ng iba't-ibang tanggapan. Nagbigay din ng intermission number ang mga batang piling mag-aaral ng Sunny Garden School for Kids, Mam Boleng Learning Center, at Daet Elementary School. Ang Doxology, National Anthem at Camarines Norte Hymn ay pinangunahan ng Daet Elementary School. Si Dra. Aida Francisco ng Department of Education ang nagbigay ng closing remarks.

Naging pangkalahatang punong abala dito ang mga empleyado ng Provincial Planning and Development Coordinator sa pangunguna ni Arch. Madonna A. Abular, Provincial Planning and Development Coordinator. —Marilyn P. Asis/PPDO



**"S**a taong handa, sa-kuna'y walang panama."

Naniniwala si Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa kasabihang ito kung kaya't agad nitong pinulong ang Provincial Disaster & Coordinating Council (PDCC) noong Nobyembre 22 upang makabuo ng mga hakbangin bilang paghahanda sa bagyong "Mina" na dumaan sa Rehyong Bikol kasama na ang lalawigan ng Camarines Norte.

Dito tinalakay ang mga tungkulin at responsibilidad ng bawat tanggapan na kabilang sa PDCC. Partikular din ditong inilad ang mga pasilidad/paaralan na itinalaga bilang evacuation centers ng mga apektadong pamilya sa 12 bayan ng lalawigan lalo na ang mga sambahayan na

# Gob. Typoco pinangunahan ang paghahanda sa bagyong "Mina"

nasa mabababang lugar at/o malapit sa ilog o dagat.

Inatasan din ng gobernador si Public Safety and Emergency Management Office (PSEMO) Chief Arnel S. Ferrer na masusing subaybayan ang mga pagbabago sa lagay ng panahon upang kaagad na maipaalam sa mga residente ng lalawigan kasama na rito ang pagbibigay ng mga kaukulang babala at tagubilin upang makaiwas sa pagbaha at iba pang panganib na kaakibat ng naturang bagyo.

Ang pagkakaloob naman ng agarang tulong sa mga apektadong indi-

(Sundan sa pahina 3)



Ang Provincial Disaster Coordinating Council (PDCC) meeting na ipinatawag ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. kaugnay ng paparating na bagyong "Mina", kung saan pinangasiwaan mismo ng gobernador ang naturang pagpupulong na dinaluhan ng iba't-ibang kinauukulang ahensiya ng pamahalaan, mga iba pang pamahalaang lokal sa lalawigan, mga civic organizations at ilang mga NGO's na nakahandang maglaan ng tulong kung sakaling sasalantain ng bagyo ang lalawigan.



## BATINGAW

**DIARYO NG MASA  
PARA SA KAUNLARAN**

TAON 7, BLG. 5 DAET, CAMARINES NORTE NOBYEMBRE 2007  
Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C. Norte  
Website: <http://www.camarinesnorte.gov.ph> E-mail: [cao\\_cnorte@yahoo.com](mailto:cao_cnorte@yahoo.com)

## Cam. Norte tourism promotion isinagawa sa Sydney at Melbourne, Australia

*Sunrise at Bagasbas Beach, Daet, CNorte*

Lumahok sa 7<sup>th</sup> Bicol Tourism, Trade and Investment Mission sa Australia ang limang (5) opisyal ng pamahalaang panlalawigan ng Camarines Norte na sina Executive Assistant IV at Provincial Tourism Officer-Designate Engr. Gerardo G. Quiñones, SP Tourism Committee Chairperson Pamela Pardo-Pujalte, Bokal Arthur Michael G. Canlas, SK Federation President at Ex-Officio BM Ronnie Beejay Aler, at Provl. Treasurer Lorna S. Coreses.

Ang naturang gawain na isinagawa sa

Sydney at Melbourne, Australia noong Nobyembre 9-12, 2007 ay kaugnay ng taunang programa ng Department of Tourism Regional Office V (DOT RO5) na sumusupporta sa marketing campaign ng WOW Philipines kaalinsabay ng Balik-Bicol Program ng DOT RO 5.

Layunin ng naturang misyon na isulong at paunlarin ang industriya ng turismo at mapalawak ang pamumuhunan sa rehyon gayundin sa mga lalawigan at siyudad nito. Kasama na rito ang paghikayat sa mga turista

lalo na sa mga Bikolano na naninirahan sa ibang bansa na balikan at saritang muli ang maalab na pagtanggap at pagmamahal ng kanilang mga kamag-anak at kababayan dito.


Kaugnay nito, ang mga potensyal na lugar-panturismo, industriya at negosyo sa lalawigan ng Camarines Norte gayundin ang mga likas na yamang lupa at dagat nito ay iprinisenta ng mga delegado ng lalawigan sa Tourism Business and Investment Meeting sa Webster Library, Black Town, Sydney, Australia



Opera House at Sydney, Australia



Apuao Grande Island at Mercedes, CNorte



noong Nobyembre 9-10, 2007. Ito ay pinangunahan nina Bokal Pamela Pardo-Pujalte at Bokal Canlas na sinuportahan naman nina Bokal Aler, Engr. Quiñones at PT Coreses.

Ang Bicolano contingent sa Australia ay pinangunahan ni Regional Director Maria "Nene" Ravanilla ng Department of Tourism (DOT) Regional Office 5. Ito ay binubuo ng 42 delegado mula sa 6 na lalawigan ng Rehyong Bikol kasama na ang Camarines Norte, 2 mga siyudad ng Naga at

Legazpi at 3 private stakeholders.

Sinabi ni Bokal Canlas na sa unang araw nila sa Australia, nag-courtesy call sila kay Consul General Maria Theresa Lazaro ng Embahada ng Pilipinas sa Sydney, Australia. Napag-alaman kay Consul General Lazaro, na tinatayang may 76,000 na mga Pilipino sa Sydney at halos 40,000 ang nasa Melbourne, Australia maliban pa sa estadistika sa bilang ng mga Pilipinong ipinanganak na

Australian citizens.

Bumisita rin ang grupo sa Australian Department of Foreign Affairs and Trade sa New South Wales bilang paggalang kay Secretary Stephen Deady.

Sa naturang investment mission, nakadaupang-palad ng grupo ang mga opisyal at miyembro ng Bicolano Incorporated at Bicolano Express Association sa pangunguna ng kanilang mga pangulo na sina Vicki Isaac, isang tubong Albay, at George Gregorio, ayon sa pagkakasunod. **LTIBASCO**